AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
### Aralin 19

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Lupon ng mga Superhero ni Marvino " na isinulat ni Rae Rival-Cosico****. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 19** |
| --- |
| Book Title: Ang Lupon ng mga Superhero ni Marvino |
| Author: Rae Rival-Cosico |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! 😄☀️ Andito muli si Teacher ______. Sa araw na ito'y magbabasa tayo ng isa na namang bagong libro ang pamagat nito ay: 📚Ang Lupon Ng Mga Superhero ni Marvino 📚 ni Rae Rival-Cosico.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Tandaan natin yan ha!

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa ating nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Eskultura -** nalilok na imahe
**(2) Kwaderno - aklat-** sulatan
**(3) Salamangkero -** mahikero
**(4) Nilipon -** tinipon
**(5) Itneg -** pangkat etnikong naninirahan sa Abra
**(6) Ibuwis -** pagbayarin

Atin nang simulan ang kwento!
--

**IV.📚 ANG MGA LUPON NG SUPERHERO NI MARVINO NI RAE RIVAL-COSICO**
*Bigkasin natin ang kada-linya 📣*

• Isang museo 🏛️ ng laruan ang binuksan sa bayan ng Majayjay. Sabi ng mga tao na puno ito ng mga superhero 🦸‍♀️🦸‍♂️. Madalas na naririnig ni Marvino 👦🏾 ang mga maliit na bata 👦👧 na nagsasabi, "Iyon ang mga pinaka-astig na laruan na nakita ko!"

•Labis ang pagkanais ni Marvino na mapasok ang museo 🏛️. Ngunit wala siyang pera 💵💰 na pambayad 🎫 upang makapasok sa museo. Isang pagmamalabis kung hihingin niya ito mula sa kaniyang magulang. 👫

•Tuwing pauwi galing paaralan, Si Marvino 👦🏽 ay dumaraan sa museo 🏛️. Mula sa bintana ng museo ay natatanaw niya ang likod ng mga eskultura tangan ang kanilang mga armas. Pinangarap ni Marvino 👦🏽 ang magkaroon ng laruan na superhero 🦸‍♂️🦸‍♀️, ngunit hindi kaya ng magulang 👫 niya ang bumili ng laruan. Kaya naman may tinatagong kwaderno 📒 si Marvino 👦🏽 na kung saan ay iginuguhit niya ang mga superhero 🦸‍♀️🦸‍♂️ na gusto niya. Karamihan sa mga ito ay hango mula sa magiting na Pilipinong bayani.

•Dimasilaw ay si Emilio Jacinto 👨. Iginuhit siya ni Marvino bilang tagasaksak at salamangkero🧙‍♂️, sapagkat ang mga sinulat niya ay parang puno ng mahika. Natutunan niya kung paano nahikayat ni Jacinto 👨 ang mga taong bumasa ng mga sulat niya na sumali sa Katipunan.

•Iginuhit niya si Jose Rizal 👨🏻 bilang si Pepe, ang huwaran at henyo, sapagkat siya ay isang manggagamot 👨‍⚕️ at nakapagsasalita ng iba't ibang wika.  Marami siyang nagawa ngunit higit dito ay isa siyang magaling na manunulat. 📚✍️

•Iginuhit niya si Apolinario Mabini 👨🏽 ang utak ng himagsikan, na nakaupo sa isang magarang upuan 👨‍🦽. Ang kaniyang kapangyarihan ay nagmumula sa kaniyang utak 🧠. Ginawa siya ni Marvino 👦🏽 bilang nakakabasa ng isip 👉🧠👈. Siya rin ay kayang makapaghikayat ng tao sa pamamagitan lamang ng kaniyang salita 🗣️ at sulat. 📝

•Ang Supremo ay si Andres Bonifacio 👨. Siya ay mahusay sa pakikipaglaban 🔪, at

pinuno ng Katipunan. Matapang niyang pinaglaban ang bansa upang mapalaya mula sa mapang-abuso na Kastila.

•Tandang Sora ay si Melchora Aquino 👵, ang tagapagpagaling 👩⚕ ng may sugat at sakit na Katipunero. Mula sa guhit ni Marvino 👦🏾, kaya niyang pagalingin ang mga mahihinang mandirigma sapagkat siya ay may gayuma ☕ ng buhay.

•Generala ay si Gabriela Silang 👩. Isang matapang na mandirigma na namuno sa pakikipaglaban ng mga Ilokano laban sa mga Kastila. Nilipon niya ang mga kasamahan niyang Itneg na mamamana 🏹 at kalalakihang marunong gumamit ng pana 🏹, itak 🗡, at espada ⚔ upang ipaglaban ang kalayaan ng mga tao.

•Lakambini ay si Gregoria de Jesus 👩🏽 na gumamit ng baril 🔫 at iba pang armas upang ipaglaban ang kaniyang bansa. Siya ay magiting na mandirigma na handang ibuwis ang buhay.

•Sa tuwing may matututunan siyang  bagong bayani sa sa paaralan 🏫 ay agad niya itong iginuguhit sa kaniyang kwaderno 📒.  Iginuhit niya ang mga kasuutan 🦸♂🦸♀ nito, at binigyan ng kapangyarihan at armas. 🔫⚔🗡🏹

•Isang araw, habang siya ay pauwi, nakakita si Marvino 👦🏾 ng isang lalaki 🙍♂ na nakabughaw na damit sa labas ng museo. Nakita niyang nakaupo ang lalaki sa upuan na may gulong 👨🦽 at may palamuti. Nang lumapit si Marvino ay nakita niyang may hawak na pang guhit at sketchbook 📒 ang lalaki. Siya ay gumuguhit! ✍

•Labis ang pagkamangha ni Marvino ng makita niya ang guhit ng lalaki. “Ang ganda!”, malakas na pagkasambit niya. Huminto sa pagguhit ang lalaki at tinignan si Marvino. “Paumanhin po, Ginoo. Tinitignan ko lamang ang inyong iginuguhit.”, pagpapaumanhin ni Marvino. Ngumiti ang lalaki at nagtanong, “Maganda ba?” Tumungo si Marvino at nagsabing, “Opo, ito ay maganda!” “Salamat, hijo.”, ang sagot ng lalaki.

•“Mahilig din po akong gumuhit, Ginoo. Hilig kong iguhit ang aking mga kamag-aral. Minsan ay binabayaran pa nila ako para dito.” “Marahil ay mahusay ka dito sapagkat tinatangkilik ng tao ang gawa mo.” Ngumiti lamang si Marvino. “May paligsahan sa paggawa ng poster sa aming paaralan 🏫. Ito ay para sa paggunita ng Araw ng Kalayaan. Nais kong sumali.”

•“Ikaw ay dapat sumali. Dapat ding umuwi ka na dahil baka hinahanap ka na ng iyong ina 👩👦.” “Ay naku! May punto ka po. Paalam sa inyo.” Agad kumaripas ng takbo si Marvino habang kumakaway. Naaalala ni Marvino 👦🏾 sa lalaki 👨🦽 ang kaniyang paboritong bayani na si Apolinario 👨🏾🦽. Sa sobrang pagkamangha niya sa guhit ng lalaki ay nakalimutan niyang ipakilala ang sarili.
--
Ang galing!
Abangan bukas ang mga susunod na mangyayari.

**V. Gawain** ✏
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Saan binuksan ang museo ng laruan?

🔎 Natatandaan mo pa ba ang ngalan ng ating bida? Bakit hindi siya makapasok sa museo?

🔎 Saan iginuguhit ni Marvino ang mga superhero na gusto niya?

🔎 Sino ang tinaguriang tagapagpagaling 👩⚕ ng may sugat at sakit na Katipunero?

🔎 Sa huli, nabanggit na naaalala ni Marvino 👦🏽 sa lalaki 👨 nakita niya sa labas ng museo, ang kaniyang paboritong bayani? Sino nga ba ang paboritong bayani niya?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan 🤔🤔ang tanong na ito:

Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na makapunta sa isang museo, saan ito? Bakit? 🤔

Ang mga museo ay mga lugar na kung saan makikita ang kasaysayan ng ating bayan. Makikita kung paano nagsimula at namayagpag ang ating kasaysayan sa mga lugar na ito. Ito rin ay mga lugar kung saan marami tayong matutunan. Saan man ang iyong sagot, kung kaya at may oras, hilinging makapunta sa mga museong ito upang makita ang kasaysayan ng ating bayan!

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏
🔎Sa bayan ng Majayjay binuksan ang museo 🏛 ng laruan. Ikaw, nakapunta ka na ba sa museo? 🤔

🔎Marvino 👦🏽 ang pangalan ng ating bida. Hindi siya makapasok sa museo 🏛 dahil wala siyang pera.

🔎Sa kanyang tinatagong kwaderno 📒 niya ginuguhit ang mga superhero 🦸♀🦸♂ na gusto niya. Madalas ka rin bang gumuhit sa iyong kwaderno? Kung oo, anu-ano ang mga ginuguhit mo? 🤔

🔎Si Tandang Sora o si Melchora Aquino 👵, ang tagapagpagaling 👩⚕ ng may sugat at sakit na Katipunero.

🔎Ang kanyang paborito ay si Apolinario Mabini👨. Ikaw, sino ang paborito mong bayani? Bakit? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️

Nakarating tayo sa dulo ng unang yugto! 👏

Bigyan natin ang ating sarili ng "Good Job" Clap. 👏

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.